**MGA SUSING PANGUNGUSAP PARA SA 2023 MEMORIAL DAY CONFERENCE**

**Upang kunin si Kristo bilang lahat-lahat at tamuhin Siya sa lahat ng bagay,
dapat nating matutuhang patuloy na itatwa ang ating sarili at bumaling sa ating espiritu.**

**Kailangan nating maging isa sa kaluluwa upang tamasahin si Kristo sa pag-iisip ng isang bagay,
sa pagiging kaisa ni Kristo sa Kanyang mga panloob na bahagi,
at sa pagpapahintulot sa Diyos na isagawa sa loob natin
ang pagkukusa at paggawa para sa Kanyang mabuting kaluguran.**

**Gaya ni Pablo, dapat nating asamin na makilala at maranasan si Kristo,
ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli, at ang salamuha ng Kanyang mga pagdurusa
at maiwangis sa Kanyang kamatayan bilang ang hulmahan ng buhay Kristiyano.**

**Kailangan tayong maiwangis sa kamatayan ni Kristo
upang maabot natin ang higit na pagkabuhay na muli—
ang tanging paraan upang magpatuloy ang Panginoon sa Kanyang pagbabawi,
ang tanging paraan upang maitayo ang Kanyang ekklesia,
ang tanging paraan upang maihanda ng kasintahang babae ang kanyang sarili,
at ang tanging paraan upang bumalik ang Panginoon.**

*© 2023 Living Stream Ministry*

**Balangkas ng mga Mensahe**
**Para sa Memorial Day Conference**
**Mayo 26-29, 2023**

**PANGKALAHATANG PAKSA:**
**NAKIKILALA, NARARANASAN, AT TINATAMASA SI KRISTO**
**GAYA NG INIHAYAG SA FILIPOS**

Mensahe Isa

## Kinukuha si Kristo bilang Lahat-lahat upang Tamuhin Siya sa pamamagitan ng Pagtatatwa ng Ating Sarili at Pagbaling sa Ating Espiritu

Babasahin sa Kasulatan: Mat. 3:17; 12:18; 16:24; Marc. 9:7-8; 2 Cor. 2:10; Gal. 1:15a, 16a; Col. 2:16-17

**I. Si Kristo ang naisin ng puso ng Diyos—Mat. 3:17; 12:18; 17:5; Gal. 1:15a, 16a:**

A. Ang naisin ng puso ng Diyos ay ang bawa't tao, bawa't bagay, at ang lahat ng bagay sa sansinukob ay maghahayag kay Kristo; kapag ang lahat ng bagay ay naipailalim kay Kristo, magkakaroon ng lubos na kapayapaan at pagkakatugma, at ihahayag lahat ng bagay sa sansinukob si Kristo—Col. 1:15-19; 3:10-11; Efe. 1:10, 22-23; 4:15-16; Isa. 55:11-13.

B. Tayo ay umiiral para sa kahayagan ni Kristo, ipinangangaral natin ang ebanghelyo para sa kahayagan ni Kristo, ang ating gawain ay para sa kahayagan ni Kristo, at ang ekklesia ay para sa kahayagan ni Kristo—43:7; 2 Cor. 4:5; 1 Cor. 15:58; Juan 17:23; Efe. 1:23; 3:19-21.

C. Si Kristo ang realidad ng bawa't positibong bagay sa sansinukob—Col. 2:16-17:

1. Ang buong sansinukob ay isang malaking pinta na iginuhit ng Diyos na nagsasaad ng Kristo, naglalarawan kay Kristo, at para sa kahayagan ni Kristo—1:15-17; Aw. 19:1-6; Roma 1:20; Heb. 11:3.
2. Araw-araw ay kinakain at iniinom natin si Kristo, lingguhan ay mayroon tayong kakumpletuhan at kapahingahan sa Kanya, buwanan ay nararanasan natin ang isang bagong panimula sa Kanya, at sa buong taon Siya ang ating kagalakan at katamasahan—Col. 2:16-18a.

D. Dapat nating makita at matanto sa panloob na ayaw ng Diyos ang anuman maliban kay Kristo mismo; ang gol ng Diyos sa Kanyang pagbabawi ay ang bawiin si Kristo bilang lahat-lahat sa atin—1 Cor. 1:9:

1. Nang pumasok sa atin si Kristo, hindi lamang Niya ninanais na maging ating buhay bagkus bilang lahat-lahat din natin; Siya ang ating hininga ng buhay (Juan 20:22), ang tubig ng buhay (4:14; 7:37-39), ang tinapay ng buhay (6:35, 48), ang liwanag ng buhay (1:4; 8:12), at tahanan ng buhay (14:23; 15:1, 4-5).
2. Dapat tayong lumakad nang nararapat sa Panginoon upang palugurin Siya sa lahat ng bagay, nagdadala ng bunga sa bawa't mabuting gawa sa pamamagitan ng pamumuhay kay Kristo, pagpapalago kay Kristo, paghahayag kay Kristo, at pagpapalaganap kay Kristo sa bawa't bagay—Col. 1:9-10.
3. Dapat nating hayaan ang Diyos na isagawa si Kristo sa atin hanggang maging lahat-lahat Siya sa atin—ang ating lubhang kagalakan at lubhang dakilang gantimpala—Efe. 3:16-19; Aw. 43:4a; Gen. 15:1; Juan 15:11; Roma 14:17; Fil. 3:14.
4. Ang ating pinakamalaking pangangailangan ngayon ay ang makita na si Kristo ang Espiritung nananahan sa ating espiritu; kung hindi natin makikita ang puntong ito, lahat ng bagay ni Kristo ay magiging isang obhektibong doktrina lamang sa atin—1 Cor. 15:45b; 2 Cor. 3:17—4:1; 2 Tim. 4:22; 1 Cor. 6:17; Juan 4:24.
5. Si Kristo rin ang Salita; kapag nakakaugnay natin ang Salita ng Panginoon sa ating espiritu, ang Kanyang mga salita ay nagiging espiritu, at kapag ang Kanyang mga salita ay naging

espiritu, ang Espirtiu ay pumapasok sa atin upang tayo ay ganap na maokupahan Niya, matransporma Niya, at maihalo sa Kanya upang masiyahan ang naisin ng puso ng Diyos—Efe. 6:17-18; Juan 5:39-40; 6:63.

E. Kapag nakita natin ang nagpapaloob ng lahat na Kristo at natutuhan ang sikreto ng pagtatamasa sa Kanya, tayo ay magiging tapat sa pagbabawi ng Panginoon—Marc. 9:7-8; Gawa 26:19, 22; 1 Cor. 1:2, 9-10; 2:9-10; 2 Cor. 2:10; 2 Tim. 4:9-18; Fil. 1:19-21a:

1. Dapat tayong magpokus sa Kanya, hindi sa anumang persona, mga bagay, o mga bagay-bagay maliban sa Kanya; dapat tayong magpokus sa Kanya bilang ating bukod tanging sentrong itinakda ng Diyos upang ang lahat ng mga suliranin sa gitna ng mga mananampalataya ay malutas—1 Cor. 1:9; Apoc. 2:4-5; Col. 1:17b, 18b.
2. Ang iwanan ng isang tao ang pagbabawi ng Panginoon ay nangangahulugang hindi pa niya nakita kung ano ang pagbabawi; kung tayo man ay nakasiguro sa pagbabawi at protektado mula sa pagiging mapagbaha-bahagi o hindi ay nakasalalay sa pangitaing nakita natin; tanging sa pagpokus kay Kristo ay maliligtas tayo mula sa dibisyon.
3. Kung pangangalagaan lamang natin si Kristo bilang ating bukod tanging sentro, pagpili, kagustuhan, panlasa, at pagtatamasa, ito ang magpipreserba sa atin sa ekklesia sa pagbabawi ng Panginoon hanggang sa Kanyang pagbabalik; kung hindi, tayo ay mabibigo o magagambala at tatalikdan ang pagbabawi ng Panginoon.

**II. Dapat nating sundan ang tularan ni Pablo sa Filipos na kunin si Kristo bilang lahat-lahat:**

A. "Sa ganang akin, ang mabuhay ay si Kristo"—kinuha ni Pablo si Kristo bilang kanyang pamumuhay—1:21a.

B. "Na gaya ng dati, maging ngayon si Kristo ay mapapadakila sa aking katawan, maging sa pamamagitan ng buhay o sa pamamagitan ng kamatayan"—kinuha ni Pablo si Kristo bilang kanyang kahayagan—b. 20.

C. "Hayaan ang ganitong kaisipan ay mapasa inyo na nakay Kristo Hesus din"—kinuha ni Pablo ang kaisipan ni Kristo bilang kanyang kaisipan—2:5.

D. "At masumpungan sa loob Niya, na hindi tinataglay ang sarili kong katuwirang mula sa kautusan, kundi yaong sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo, ang katuwirang mula sa Diyos at batay sa pananampalataya"—kinuha ni Pablo si Kristo bilang kanyang katuwiran—3:9.

E. "Alang-alang sa dakilang kagalingan ng pagkakilala kay Kristo Hesus na aking Panginoon, na alang-alang sa Kanya ay tiniis ko ang kalugihan ng lahat ng bagay at inari kong sukal upang matamo ko si Kristo"—itinuring ni Pablo ang pagkakilala kay Kristo na lubhang nakahihigit—b. 8.

F. "Isang bagay ang ginagawa ko: Nililimot ang mga bagay na nasa likuran at tinutungo ang mga bagay na nasa harapan, ako ay naghahabol sa gol para sa gantimpala kung saan ang Diyos kay Kristo Hesus ay tinawag akong pataas"—kinuha ni Pablo si Kristo bilang kanyang gol—bb. 13-14.

G. "Mga kapatid, anong bagay ang totoo, anong bagay ang marangal, anong bagay ang matuwid, anong bagay ang dalisay, anong bagay ang kaibig-ibig, anong bagay ang may mabuting ulat, kung may anumang kagalingan at anumang kapurihan, isipin ninyo ang mga bagay na ito"—kinuha ni Pablo si Kristo bilang kanyang mga kagalingan—4:8.

H. "Magagawa ko ang lahat ng bagay sa loob Niya na nagbibigay-kapangyarihan sa akin"—kinuha ni Pablo si Kristo bilang kanyang kapangyarihan upang ipamuhay si Kristo bilang kanyang maringal na pamumuhay—b. 13.

I. "Natutuhan ko, sa anumang sirkumstansyang kinaroroonan ko, na makuntento. Nalalaman ko kung paano ang mapababa, at nalalaman ko kung paano ang managana; sa bawa't bagay at sa lahat ng bagay ay natutuhan ko ang lihim kapwa sa kabusugan at sa kagutuman, kapwa sa

kasaganaan at sa kasalatan"—kinuha ni Pablo si Kristo bilang kanyang lihim—bb. 11-12; cf. bb. 4-7.

J. "Sapagka't ang ating pagkamamamayan ay nasa mga kalangitan, na mula rin doon ay sabik nating hinihintay ang isang Tagapagligtas, ang Panginoong Hesu-Kristo, na Siyang magbabagong-anyo ng katawan ng ating pagkamababa upang mapawangis sa katawan ng Kanyang kaluwalhatian, ayon sa Kanyang paggawa na makapagpapasuko ng lahat ng bagay sa Kanyang sarili"—kinuha ni Pablo si Kristo bilang kanyang pag-asam—3:20-21.

**III. Tinatamo natin si Kristo upang matamo Niya tayo (b. 12; cf. Hab. 1:1) ayon sa mga sumusunod na aspeto:**

A. Ang pagtatamo kay Kristo ang nagsasanhi sa atin na magtaglay ng isang pandama ng presensya ng Diyos (ang malahanging Kristo)—Juan 20:22; Exo. 33:11a, 14:

1. Dapat lamang tayong matakot sa isang bagay—ang maiwala natin ang presensya ng ating Panginoon—2 Cor. 2:10; cf. Epe. 4:30; 1 Tes. 5:19.
2. "Bubuhayin Niya tayo pagkatapos ng dalawang araw; / Sa ikatlong araw ay ibabangon Niya tayo, / At tayo ay mamumuhay sa Kanyang presensya" (Oseas 6:2)—ang realidad ng ikatlong araw ay ang persona, ang presensya, ng nabuhay na muling Kristo kalakip ang realidad ng pagpapanauli (Hab. 3:2).

B. Ang pagtatamo kay Kristo ang nagsasanshi sa atin na makadama ng liwanag at linaw sa panloob—Apoc. 22:1; Juan 1:4; 8:12; Ezek. 1:22, 26.

C. Ang pagtatamo kay Kristo ang nagsasanhi sa atin na makadama sa panloob na matustusan ni Kristo bilang ating espirituwal na pagkain at espirituwal na inumin—1 Cor. 10:3-4; Juan 6:57; 4:10, 14, 24; 1 Cor. 12:3b, 13.

D. Ang pagtatamo kay Kristo ang nagsasanhi sa atin na lumago sa buhay at matransporma tungo sa Kanyang larawan—Col. 2:19; 2 Cor. 3:18; Roma 12:2.

E. Ang pagtatamo kay Kristo ang nagsasanhi sa atin na magkaroon ng kasiglahan at umaksyon—Dan. 11:32b; Gawa 1:8; 5:20; 13:1-4; 1 Cor. 14:31; cf. Ezek. 3:1-3; Aw. 68:11-13, 19.

**IV. Upang makuha si Kristo bilang lahat-lahat at matamo Siya sa lahat ng bagay, dapat nating matutuhang patuloy na itatwa ang ating sarili at bumaling sa ating espiritu:**

A. Dapat tayong lubusang pumasok sa ating espiritu sapagkat ang Panginoon bilang ang Espiritu, ang realidad ng Katawan, ay nasa ating espiritu—2 Tim. 4:22; Efe. 1:17; 2:22; 3:5, 16; 4:23; 5:18; 6:18.

B. Dapat nating matutuhan kung paanong ilagak ang ating kaisipan sa ating espiritu; sa ibang salita, dapat nating matutuhan kung paanong magtiwala sa Diyos at dumipende sa Panginoon; ang tunay na lihim sa pamumuhay ng buhay Kristiyano para sa buhay ekklesia ay ang ilagak ang ating kaisipan sa ating espiritu—Roma 8:6.

C. Ang pagbaling sa espiritu ay ang lihim ng pagiging isang Kristiyano; ang paraan upang sundan ang Panginoon, tamasahin ang mga kayamanan ng Panginoon, mamuhay sa realidad ng Katawan ni Kristo, at magpangsyon sa Bagong Tipang ministeryo ay ang patuloy na ensayuhing tanggihan ang ating sarili, iwala ang buhay kaluluwa, at bumaling sa ating espiritu—2 Cor. 3:3, 6, 16—4:1; 2 Tim. 4:22; Fil. 1:19; Roma 8:16.

D. Ang gawain ng Panginoon, na isinasagawa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ay isang gawain nagsisimula sa espiritu at nagtatapos espiritu; ang gawaing ito ay nagsisimula sa ating espiritu at nagtatapos sa espiritu ng iba—1 Cor. 2:4-5, 13, 15; 2 Cor. 3:6; 13:3; cf. Aw. 42:7a.

E. Taglay natin ang espiritu upang kaugnayin at tanggapin ang Diyos at ang kaluluwa na upang ipamuhay at ihayag ang Diyos; ang pagkuha sa Diyos, ang pamumuhay sa Diyos, at paghahayag

sa Diyos ay dapat na maging ating kagalakan, kaaliwan, at libangan—Juan 4:10, 14, 24; 6:57; Luc. 1:46-47; 1 Cor. 10:31.

F. Ang kaluluwa ay nilikha ng Diyos upang ihayag Siya, hindi ang sariling pagtatamasa o mga kagustuhan nito; sa ekonomiya ng Diyos ay walang makasariling pagtatamasa; ang ministeryo ni Pablo ay ang ipamahagi ang mga kayamanan ni Kristo bilang biyaya sa mga mananampalataya para sa kanilang katamasahan—Gen. 1:26; 2:7; Efe. 3:2.

G. Ang itatwa ang ating sarili ay nangangahulugang tanggihan ang kanaisan, kagustuhan, at pagpili ng kaluluwa; ang unang kasalanan ng tao ay ang gumawa ng bagay para sa kanyang sarili, upang pasiyahin ang sarili—Gen. 3:1-7.

H. Anumang nagmumula sa ating sarili (kaisipan, damdamin, at pagpapasya ng ating natisod na kaluluwa) ay konektado kay Satanas at sa mga demonyo—Mat. 16:21-27:

1. Bilang hindi dalisay na asawa ni Jehovah, ang Israel ay naging masama; kailangan nating matanto na minsang talikdan natin ang Diyos, tayo rin ay makagagawa ng anumang uri ng kasamaan—Oseas 4:1; Efe. 4:17-21.
2. Dapat nating matanto na kung hindi tayo mananatili sa pagsasalamuha sa Diyos sa ating espiritu, maiwawala natin ang presensya ng Diyos at may kakayahang mapasa laman at umasal na gaya ng mga makasanlibutang tao—Fil. 2:1-2; 1 Juan 1:3; Efe. 4:17-19; Gen. 20; cf. 12:11-13; 13:18.
3. Hindi tayo maaaring magbakasyon sa ating pagsasalamuha sa Diyos sa ating espiritu; ang atiing proteksyon ay hindi ang ating sarili; ito ay ang presensya ng Diyos—1 Juan 1:3; cf. Aw. 31:20.

I. Ang panalangin ay ang tunay na pagtatatwa ng sarili:

1. Sa katunayan, hindi natin kailangang manalangin nang napakahaba; sapat na na simpleng tumawag ng "O Panginoong Hesus"; maging ang gayong maikling pananlangin ay nangangahulugang "hindi na ako kundi si Kristo"—Roma 10:12-13; Gal. 2:20.
2. Ang ating panalangin ay nagpapatotoo na hindi tayo nag-eensayo ng ating sariling pagsisikap upang tuusin ang situwasyon (ang "palayasin ang mga demonyo"); sa halip, iaplay natin si Kristo—Marc. 9:14-29.
3. Ang manalangin ay ang isagawa ang pangitain hinggil kay Kristo kalakip ang Kanyang kamatayan at pagkabuhay na muli bilang ating panghalili upang tayo ay lubusang "gawing Kristo" upang bigyang kasiyahan ang kanaisan ng puso ng Diyos—bb. 2-13.

*© 2023 Living Stream Ministry*